Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Re: *Australian Early Development Index (AEDI)*

Ang aming paaralan ay kalahok sa isang pambansang pangangalap ng impormasyon sa pag-unlad ng mga musmos na bata. Ito ay tinatawag na Australian Early Development Index (AEDI). Ang pamahalaang Australia ay nagpasyang magbigay ng $15.9 milyon bilang pambansang roll-out ng AEDI na siya namang isinasagawa ng Centre for Community Child Health (sa Royal Children's Hospital, Melbourne at isang mahalagang pananaliksik na sentro ng Murdoch Children's Research Institute), sa partnership ng Telethon Institute for Child Health Research, Perth.

Ang AEDI ay isang checklist ng mahigit na isang daang katanungan. Ito ay pinupunuan ng guro ng inyong anak. Tinitignan ng AEDI Checklist ang limang larangan ng pag-unlad ng anak ninyo:

- pisikal na kalusugan at kapakanan
- panlipunang kakayahan
- emosyonal na maturidad
- wika at kamalayang mga kakayahan at
- pakikipag-ugnayang abilidad at pangkalahatang kaalaman

Ang mga layunin ng pangangalap ng impormasyon ay:

- tulungan ang mga komyunidad na maunawaan kung paano ang kanilang mga anak ay umuunlad sa panahong narating na nila ang edad sa pagpasok sa paaralan
- tulungan ang mga paaralan, mga lokal na ahensiya at mga early childhood professionals na gumawa nang magkakasama upang pabutihin ang mga kahahantungan ng mga kabataan sa komunidad.

Ang checklist ay pupunuin ng guro ng inyong anak sa _____. Hindi kinakailangan na palabasin sa klase ang inyong anak . Wala kayong dapat anumang gawin pati na ang anak ninyo.

Ang kabuuang data mula sa pagsusuri ng checklists ay makukuha sa komunidad hango sa kabuuang grupo ng mga bata para walang sinumang makakakilala sa inyong anak. .

Ang mga data ay isasama sa mga impormasyon mula sa iba-ibang organisasyon upang mas lalong maintindihan kung paano ang mga programa para sa mga paslit ay umubra nang mahusay. Sa ilalim ng kasalukuyang privacy law, walang sinumang maaaring makakilala sa datus ng anak ninyo. .

Kung kailangan pa ninyo ng mas maraming impormasyon tungkol sa AEDI bumisita sa www.aedi.org.au o makipag-ugnay sa AEDI National Support Centre sa Royal Children's Hospital, Melbourne sa 1300 558 422 o kontakin ang paaralan..

Kung ayaw ninyong pakalap ang impormasyon tungkol sa anak ninyo mangyaring makipag-ugnay sa paaralan.

Ito ay isang mahalagang pagkakataon para sa mga magulang, paaralan at iba pang mga ahensiya na gumawa nang sama-sama sa pinakamabuting kapakanan ng ating mga anak. Marami pong salamat sa pagtangkilik sa AEDI.

PRINCIPAL